Mula sa Uplook, 2000

J. B. Nicholson Jr.

Salin sa Tagalog ng “From Uplook, 2000”

© Uplook Ministries. Ginamit nang may pahintulot. Isinalin sa Tagalog ng KEE Philippine Missions.

KEE Ministry Library · Faithful Men
kee-ministry-library.netlify.app/tagalog/

Anong Araw! (Enero 2000)

Mula sa Uplook, Enero 2000. Editoryal.

Ang aral na natutunan ko ay higit pa sa laro ng mga bata.

Siguro ay nasa pilyong mood ang mga arkitekto kapag nagdidisenyo sila ng mga bahay na katulad ng sa amin. Walang duda, habang nakaupo sila sa harap ng kanilang drawing table (o computer), bumabalik ang isip nila sa kanilang pagkabata at magiliw nilang naaalala ang ilan sa pinakamasasaya nilang alaala.

Ito ang oras sa pagitan ng hapunan at ng tawag para matulog—ang pinakamatamis na oras ng buong araw. Busog ang mga tiyan sa luto ni Nanay. Nasa bahay ang lahat. Dumidilim na sa labas, pero hindi iyon napapansin sa loob dahil sa mainit na liwanag ng mga lampara. Tapos na ang assignment ng maliliit. Naghihintay pa ang mga kuwento bago matulog, mga yakap at halik, at magagandang panaginip. Pero sa ngayon, ito na ang huling pagkakataon para maubos ang kaunti sa walang-katapusang lakas na dala-dala ng maliliit na tao. Napangiti ang arkitekto. Iginalaw niya ang kanyang lapis (o mouse) para iguhit muli ang bahay na ginagawa niya. Tingnan natin. Kailangang may gitnang bahagi ito, isang pader sa gitna na puwedeng paikutan ng karerahan. Isang matalim na liko sa may pintuan sa harap. Isang pakanang ikot sa paligid ng hagdan paakyat sa ikalawang palapag. Tapos ang likurang diretsuhan—mas maganda kung may sahig na madulas, swak na swak para dumausdos ang mga paang naka-medyas. Ngayon papasok sa kainan sa kusina, at matalim na kaliwa papunta sa dining room. Arangkada

sa diretsuhan, ang mahabang takbuhan sa sala na dumudugtong sa unang liko kung saan tatayo ang grandfather clock. Ah, perpekto! Ngumiti siya nang kuntentong-kuntento sa sarili.

Nagugulat ang ilang tao sa ganitong ideya. Gagamitin ang sala para sa, ano, pamumuhay? Kalokohan! At mga batang umaastang bata sa liwanag ng araw? Hindi puwede! Pero magiliw kong naaalala ang mga araw na iyon. Napupuno ang bahay ng tawanan at masasayang sigawan. Minsan sumasali si Itay sa gulo; baka may konting buno-bunuan pa sa sahig. Sa ibang pagkakataon naman, siya ang "Home Safe," ang tanging ligtas na lugar sa magulo naming munting mundo.

Kagabi, habang nakaupo ako sa sofa, ako ang naging "Home Safe" ng limang-taong-gulang na si Sara. Siya ang nangunguna, at hinahabol siya nang malapitan ng kuya niyang si Dave. Umalingawngaw sa buong bahay ang halakhak ng batang babae.

Pagkatapos, sa isang desperadong lundag para sa kalayaan at sa pagkakataong makapagsimulang muli, lumipad si Sara papunta sa akin, isang hakbang lang ang layo ni David sa likod niya. Halos hindi niya naabot ang nakaunat kong mga braso, at kumapit siya sa akin habang pabirong hinihila ng kuya niya, na tatlong taon ang tanda sa kanya, ang kanyang mga binti. Habang lalo siyang nagmumukhang lubid sa isang tug-of-war, tumingala siya sa akin, abot-tainga ang ngiti. "Ngayon lang po ako nagkaroon ng ganitong araw!" sabi niya.

Totoong-totoo iyan! Hindi natin alam kung ano ang ilalabas ng isang araw (Prov. 27:1). At kung minsan, sa takbuhan ng buhay, kapag parang ang layo na ng narating natin pero paikot-ikot lang pala gaya ng mga

batang naghahabulan sa loob ng bahay, nasusumpungan natin ang ating sarili sa mahigpit na hawak ng mga pangyayaring di-hamak na mas malupit kaysa sa isang kuya. Doon tayo tumitingala sa mukha ng ating Ama at nagsasabi, "Ngayon lang po ako nagkaroon ng ganitong araw!" Alalahanin ang mga salita ng Kasulatan na nagtala nito sa buhay ni Job: "At nangyari isang araw…" (Job 1:13). Napakakilabot ng araw na iyon na parang dalawa lang ang matinding pagpipilian ni Job: sumpain ang Dios o sambahin Siya. Banat na banat na hanggang sa sukdulan, tumingala siya sa mukha ng Amang pinagtitiwalaan niya—"at sumamba" (v. 20). Dumating na ang taong 2000. Habang binabaybay natin ang mga liko at ikot nito, wala tayong kaalam-alam kung ano ang naghihintay sa kanto. Siguradong ang ilan sa mga araw na iyon ay itatala sa tunay nating talambuhay na isinusulat sa langit bilang mga "masamang" araw. Kailangang-kailangan nating maging kumpleto sa kagamitan upang tayo'y "makatagal sa araw na masama, at pagkagawa ng lahat ay magsitibay" (Eph. 6:13). Walang saysay na pasanin ang mga pasanin kahapon o ang mga alalahanin bukas: "Sukat na sa kaarawan ang kaniyang kasamaan" (Mt. 6:34), sabi ng Tagapagligtas. Pero nangako rin Siya: "Sapat na sa iyo ang aking biyaya: sapagka't ang aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan" (2 Cor. 12:9).

Magkakaroon ng ganyang mga araw sa buhay (at ganyang biyaya), "…hanggang sa magbukang-liwayway, at sumilang ang tala sa umaga sa inyong mga puso" (2 Pet. 1:19). At sa araw na iyon, titingala tayo sa Kanyang mukha at sasabihin, "Ngayon lang po ako nagkaroon ng ganitong araw!"

Laging Gumagalaw (Pebrero-Marso 2000)

Mula sa Uplook, Pebrero-Marso 2000. Editoryal.

Baka mas malayo na ang nalakbay mo kaysa sa akala mo. Pero papunta ka ba sa direksiyon Niya?

Naging kapalaran ko sa buhay na ipagdiwang ang aking kaarawan tatlong araw pa lang pagpasok ng bagong taon. Ibig sabihin, kaunting panahon lang ang mayroon ako para makabawi sa masakit na pagsusuri sa naging takbo ko sa huling taon ng 1900s. Sinusubukan kong aliwin ang malungkot kong puso sa pag-asang mas maganda ang darating na taon, nang—bam!—sabihin sa akin ng kalendaryo na isang taon na naman akong tumanda. At tatlong araw pa lang ako sa bagong taon!

Tama ang Lumang Aklat nang ilarawan nito ang buhay sa ating munting mundo bilang "isang singaw," "isang anino," "isang kuwentong isinalaysay." Nagsasalita ang mga siyentipiko tungkol sa nanoseconds at picoseconds —maninipis na hiwa ng oras na lalo lang naghahati-hati sa iilang maikling taong ibinigay sa atin, pero hindi makapagdadagdag ni katiting nito.

Baka hindi mo alam kung gaano na kalayo ang nalakbay ko sa aking, lunok muna, 49 na taon dito sa planeta. Kararating lang ng update ng aking Northwest Airlines Frequent Flyer program, at sinasabi nitong mula nang mag-sign up ako ay nakaipon na ako ng mahigit 300,000 milya sa kanilang airline. Pero hindi pa kasama riyan ang ibang airline, o ang paglalakbay sa kotse, o ang paglalakad, kung tutuusin. Gayunman, kahit pagsamahin pa ang lahat ng iyan, simula pa lang iyan.

Umiikot ang mundo nang isang beses sa kanyang axis bawat 23 oras, 56 na minuto, at 4.091 segundo. Sa panahong iyon, nakalalakbay ito nang mga 7,900 milya. Kaya sa halos kalahating siglo ko, nakalakbay na ako ng 141,388,275 milya sa ikot ng araw at gabi, mabawasan o madagdagan ng ilang pirouette. Pero may higit pa.

Nakagawa rin ako ng 49 na balikang paglalakbay sa palibot ng araw. Sa bawat paglalakbay, isinasagibsib ako at ang anim na bilyong kapwa ko pasahero sa karaniwang bilis na 66,600 milya bawat oras. Ang bawat ikot ay 595 milyong milya ang haba! Kaya, tingnan natin—iyan ay 29,155,000,000 milya sa palibot ng araw mula nang ibigay ko ang una kong iyak noong 1951. Nahihilo ka na ba?

Nang walang kahit isang sandali ng pagkahilo, matutuklasan nating ang buong solar system natin ay umiikot din, parang isang maliit na upuan sa isang higanteng ferris wheel, ang Milky Way. Umiikot sa gitna ng ating galaxy sa nakamamanghang bilis na 155 milya bawat segundo, hindi ko inaasahang makakumpleto ng isang buong ikot bago ako bumaba sa upuang tinatawag na mundo (sinasabing ang isang ikot ay tumatagal ng 250 milyong taon). Gayunman, ang 49 na taon kong paglalakbay ay nagdadagdag ng mga 239,679,972,000 milya sa kabuuan. Kung may travel points lang sana!

Ang Dios na naglagay sa mga bagay na ito sa langit sa kanilang lugar, nagpaikot sa kanila, at nag-iingat sa kanila sa kanilang landas, ay siya ring Dios na nag-aalok na pangunahan ang araw-araw nating paggalaw sa panahon at sa kalawakan. "Ang mga hakbang ng tao ay itinatatag ng Panginoon; at siya'y nalulugod sa kaniyang lakad" (Ps. 37:23).

Ngayon, hayaan mong magtanong ako. Sino ang "siya" (he), at kanino tumutukoy ang "kaniyang" (his) sa huling kalahati ng talata? Ang New King James, sa pag-capitalize ng "He," ay nagpasyang ang Panginoon ang nalulugod sa lakad ng mabuting tao. Anuman ang ibig sabihin ng talatang ito, alam nating totoo iyan mula sa ibang mga bahagi: "Silang may suwail na puso ay kasuklamsuklam sa Panginoon: nguni't silang sakdal sa kanilang lakad ay kaniyang kaluguran." "Ang mga sinungaling na labi ay kasuklamsuklam sa Panginoon: nguni't silang nagsisigawang may katotohanan ay kaniyang kaluguran." "Ang hain ng masama ay kasuklamsuklam sa Panginoon: nguni't ang dalangin ng matuwid ay kaniyang kaluguran" (Prov. 11:20; 12:22; 15:8). Ang kabilang mukha ng barya ay dapat ding kasingkintab. Kapag Siya ang nangunguna sa ating mga hakbang, nakasusumpong tayo ng kaluguran sa Kanyang "mabuti… kaaya-aya at sakdal na kalooban" (Rom. 12:2). Nakatayo sa labas sa isang maaliwalas na gabi, tumitingala tayo sa langit na parang pelus at nakikita ang kasaysayan ng pakikitungo ng Dios sa mga bituin. Nakikita natin sila hindi kung ano sila ngayon kundi kung ano sila noon, sa ilalim ng maingat na pag-aalaga ng kanilang Maylalang. At Siya, sa katahimikan, ay magtatanong sa atin, "Matatalian mo ba ang matatamis na impluwensiya ng Pleiades, o makakalag ang mga panali ng Orion? Mailalabas mo ba ang Mazzaroth sa kaniyang kapanahunan? O mapapatnubayan mo ba ang Arcturus pati ng kaniyang mga anak? Nalalaman mo ba ang mga alituntunin ng langit? Maitatatag mo ba ang kapangyarihan niyaon sa lupa?" (Job 38:31-33).

Magagandang tanong! Kung napakahusay Niyang pangunahan ang lahat ng iba pa sa sansinukob, bakit hindi ako malulugod sa Kanyang daan sa buhay ko rin?

Pansamantalang Kaayusan (Abril 2000)

Mula sa Uplook, Abril 2000. Editoryal.

Magkakamping ba talaga ang Dios? May mas nakamamangha pa riyan!

Tinutulungan tayo ng makalangit na karunungan na makilala kung alin ang pansamantala at alin ang pangmatagalan. Halimbawa, "Pag-iyak ay magtatagal ng isang gabi, nguni't kagalakan ay dumarating sa umaga" (Ps. 30:5). "Sapagka't ang aming magaang na kapighatian, na sa isang sandali lamang, ay gumagawa sa amin ng lalo't lalong bigat ng walang hanggang kaluwalhatian" (2 Cor. 4:17). Pansamantala ang sakit ng banal; pangmatagalan ang kanyang pakinabang.

Ang nakababatang kapatid ng lolo ko, si Dick, ay isang matagumpay na negosyante; naupo siya sa police commission; naging mayor siya ng aming lungsod; ilang Prime Minister ang naghapunan sa kanyang tahanan sa tabi ng lawa; tinanggap niya ang Reyna sa isa sa kanyang mga state visit. Pero hindi laging ganoon.

Lumaki siya sa isang malaking pamilya ng manggagawa. Bata pa lang siya, nang hindi alam ng kanyang mga magulang, nagsimula nang mag-negosyo ng kabayo si Dick. Natuklasan niyang mas mura siyang makabibili ng kabayo sa Toronto (isang sakay lang ng ferry) kaysa sa St. Catharines. Unti-unti, sa maliliit niyang tubo, bumili siya ng pagaling nang pagaling na mga hayop hanggang sa makapag-uwi siya ng isang magandang tingnan at malikot na kabayo—na nabaliw sa kanya. Kinailangang

barilin sa ulo ng lokal na detective na si "Flat-foot" McGee ang kanyang tubo.

Noong Depression, nagtrabaho siya bilang delivery boy sa grocery ng lolo ko. Noong mga panahong iyon, kinukuha ang listahan ng bibilhin, kinukumpleto, at inihahatid sa bahay ng customer. Pero hindi matiis ni Dick ang paghihintay habang nag-iisip ang ginang ng bahay kung ano pa ang kailangan niya. Kaya kinabisado niya ang bawat item sa tindahan at binibigkas niya ito na parang checklist para sa ginang. Kaya pa niyang ulitin ang listahang iyon, walang mali ni isang salita, makalipas ang limampung taon.

Pero hindi nagtagal, nagsarili na siya. Bumili siya ng ilang lupa at may bodega siya—na nasunog hanggang sa lupa. Ano ang gagawin? Susuko? Hindi, pansamantala lang ang mga kabiguang ito. Naging auctioneer siya, nagsimula ng negosyong paupahan, at kung ano-ano pa. Para sa kanya, hindi namamatay ang pag-asa hangga't hindi ka namamatay.

Madalas bigkasin ng tiyuhin ko ang tulang ito na hindi kilala ang may-akda:

Kapag nagkaaberya, gaya ng minsa'y nangyayari,
Kapag ang daang tinatahak mo'y parang laging paakyat,
Kapag kulang ang pondo at mataas ang utang,
At gusto mong ngumiti pero napapabuntong-hininga ka,
Kapag dinadaganan ka nang kaunti ng alalahanin,
Magpahinga ka kung kailangan—pero huwag kang susuko!
Kakaiba ang buhay sa mga liko at ikot nito,
Gaya ng natututunan nating lahat paminsan-minsan,

At maraming kabiguan ang sana'y bumaligtad
Kung nagtiyaga lang sana, nanalo pa sana siya;
Huwag kang susuko kahit parang mabagal ang takbo —
Baka magtagumpay ka sa isa pang hampas.
Ang tagumpay ay kabiguang binaligtad—
Ang pilak na kislap sa mga ulap ng pag-aalinlangan,
At hindi mo masasabi kung gaano ka na kalapit,
Baka malapit na ito kahit parang malayo pa;
Kaya manatili ka sa laban kahit pinakamatindi ang tama sa iyo—
Kapag pinakamasama ang lagay, doon ka hindi dapat sumuko.

Itinuturo sa atin ng ating Panginoon na sa buhay ng mananampalataya, walang oras ng pagsuko. Napakalaki ng pasasalamat ko sa Kanyang sariling patotoo: "Siya'y hindi manglulupaypay o magdadalamhati" (Isa. 42:4). Kung hindi Siya pinanghihinaan ng loob, bakit ako manghihina? Nang malayo sa tahanan ang Israel, alipin sa Egipto, hindi sila sinukuan ni Jehovah (kahit madalas nila Siyang sinukuan). Handa Siyang gawin ang anumang kailangan para makuha ang puso ng Kanyang bayan. Tumira talaga Siya sa gitna nila sa isang tolda nang halos 500 taon! Pero noong panahon ni Eli, inakala ng mga tao na ang Kanyang gintong trono, ang Luklukan ng Awa, ay pampasuwerte lang sa labanan. Nang malaunan, noong panahon ni Saul, napabayaan ang kaban sa Beth-shemesh. Nang maging hari si David, sinabi niyang hindi tama na nakatira ang Dios sa isang tolda. Naghanda siya para sa isang templo, at itinayo ito ni Solomon. Napakaringal na gusali! Mukhang napakatibay at pangmatagalan! Pero iyon man ay pansamantalang kaayusan lang. Ngayon,

nakamamanghang isipin, tumatahan ang Dios sa lupa sa mga toldang ito ng ating paglalakbay sa mundo (1 Cor. 6:19), at "kaming nangasa tabernakulong ito ay nagsisihibik, na nabibigatan" (2 Cor. 5:4). Pero iyan man ay pansamantala lang: "Sapagka't nalalaman namin na kung ang bahay na aming tinatahanang lupa, na tabernakulong ito ay masira, ay mayroon kaming isang gusali na mula sa Dios, isang bahay na hindi ginawa ng mga kamay, walang hanggan, sa mga langit" (2 Cor 5:1). Samantala, sige lang, tuloy-tuloy lang sa daan ng manlalakbay!

Gawin ang Kasunod (Mayo 2000)

Mula sa Uplook, Mayo 2000. Editoryal.

Posible bang lumakad nang kaagapay ng kalooban ng Dios? Magsimula sa kasunod na hakbang.

Natuklasan ko sa buhay na hindi ang trabahong ginagawa mo ang nagpapapagod sa iyo; kundi ang trabahong dapat mong gawin pero iniiwan mong hindi tapos. Sa isang lumang aklat ng tula na pinahahalagahan ko, may isang tulang hindi kilala ang may-akda na pinamagatang "Doe the Nexte Thynge" ("Gawin ang Kasunod"). Ganito ang sinasabi nito:

> *Mula sa isang lumang bahay-pastor sa Inglatera sa tabi ng dagat,*
> *May dumating sa akin na mensahe sa takipsilim;*
> *Ang makalumang Saxon na kasabihan nito, malalim na nakaukit,*
> *Sa palagay ko'y may aral na mula sa langit;*
> *At sa paglipas ng mga oras, umaalingawngaw ang tahimik na mga salita*
> *Parang mahinang bulong ng inspirasyon: "Gawin ang Kasunod."*
> *Nais ni Jesus na lalo kang lumaya araw-araw,*
> *Na nalalaman ang kapangyarihan ng maharlikang utos na ito;*
> *Laging naghihintay, masaya sa Kanyang pagtawag,*
> *Payapa sa pagtutuwid, nagtitiwala sa lahat.*
> *Ang mga pagdating at pag-alis ay hindi kailangang magdulot ng gulo,*
> *Kanya ang buo mong kinabukasan: "Gawin ang Kasunod."*

Gawin mo agad, gawin mo nang may panalangin,
Gawin mo nang may pagtitiwala, iniaatang ang lahat ng alalahanin;
Gawin mo nang may paggalang, tinutunton ang Kanyang kamay
Na naglagay nito sa harap mo nang may taimtim na utos.
Nakasandal sa Makapangyarihan sa lahat, ligtas sa ilalim ng Kanyang pakpak,
Ipaubaya mo sa Kanya ang resulta: "*Gawin ang Kasunod*."

Nabubuhay tayo sa mga araw na sobrang taranta, mga araw na sobrang abala na kayang pigain palabas ang walang hanggan sa ating isip at puso. Ang lalong bumibilis na takbo ng panahon ay humihila sa atin palampas sa tahimik na lugar, sa santuwaryo ng kaluluwa, at itinutulak tayo palabas sa mabagyong mga oras nang hindi man lang sumusulyap sa mapa o sa kompas, nang walang kahit isang salita sa Kapitan. Nagiging linggo ang mga araw…nagiging taon… nagiging dekada. Ang mga apurahang bagay sa buhay, na bihirang may halagang pangwalang hanggan, ang nagtutulak palabas sa mahahalagang bagay, na bihira namang mukhang apurahan. Puwede naman akong magpatotoo sa kapitbahay ko o mag-aral ng Biblia o dumalaw sa mga ulila at balo bukas—iyan ang sinasabi ng nagmamadali kong iskedyul. Pero hindi iyon totoo, siyempre. Wala akong mga bukas, ngayon lang. At ngayon ang oras para gawin ang kasunod.

Sa tingin ko, makatarungang sabihin na ang bawat Kristiyano na kahit papaano ay nakikinig sa tinig ng Pastol ay kadalasang alam kung ano ang gusto Niyang sunod nating gawin. Baka hindi natin alam ang gagawin

tungkol sa isang malaking desisyon sa hinaharap, pero hindi nangako ang Panginoon ng karunungan para sa mga sitwasyong hindi pa dumarating. Siya ang Dios na "handang saklolo," isang saklolo sa tamang-tama at huling sandali.

Minsan hindi ko ginagawa ang kasunod dahil sa tingin ko ay mas masarap gawin ang ibang trabaho. Ang mabibigat na gawain ay nadudulas pababa sa ilalim ng tambak. Pero nangako ang Panginoon na ang Kanyang kalooban ay "mabuti at kaaya-aya at sakdal." Hindi mabigat ang Kanyang mga utos. Magaan ang Kanyang pamatok, magaan ang Kanyang pasan. Ang sariling kasiyahan (kahit itinuturing na karapatang hindi maaagaw sa tao) ay hindi siyang batayan ng isang lingkod sa paggawa para sa Dios.

Minsan hindi ko ginagawa ang kasunod dahil pakiramdam ko ay hindi ko kaya ang hamon. Pero Siya ang pinakamabait na Panginoon at hindi Siya kailanman nagbibigay sa atin ng anumang lampas sa kakayahang ibinibigay ng Espiritu sa atin. Sasabihin Niya sa atin ang sinabi Niya sa iba: "Sapat na sa iyo ang aking biyaya: sapagka't ang aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan." Ang mabilis na tugon ni Pablo: "Kaya buong galak na ipagmamapuri ko pa ang aking mga kahinaan, upang ang kapangyarihan ni Cristo ay manahan sa akin" (2 Cor. 12:9). Kung tutugon ako sa mga paalala ng Espiritu, makatitiyak ako sa mga sumusunod:

1. Ang kasunod mong gagawin ay magiging mahalagang bahagi ng malawak na plano ng Dios para sa sansinukob. Inaalok ng Panginoon sa iyo at sa akin ang

pagkakataong magkaroon ng makabuluhang bahagi sa pamamahala ng sansinukob.

2. Ang kasunod na gawain ay nagbibigay sa atin ng nakapananabik na pribilehiyong makita ang Dios na ginagawang walang hanggan ang panahon, sa pamamagitan ng pagkuha sa ating mga karaniwang buhay at paggawa ng mga di-pangkaraniwang bagay sa mga ito.

3. Siguradong magagawa ang kasunod na gawain dahil ang lahat ng kayamanan ng langit ay nakalaan sa anak ng Dios na abala sa gawain ng kanyang Ama.

4. Ang kasunod na gawain ay maaaring siyang huling bagay sa listahan ng Panginoon na dapat kong gawin bago Siya bumalik. Isa sa mga araw na ito ay magiging ang huli. Tandaan: hindi ka kailanman makagagawa ng mabuting bagay nang masyadong maaga, dahil hindi mo alam kung gaano kaaga ito magiging huli na. Gawin ang kasunod.

Sa Likod ng mga Ulap (Hunyo 2000)

Mula sa Uplook, Hunyo 2000. Editoryal.

Hindi dapat hayaang takpan ng mga bagyo rito sa ibaba ang maaraw na taya ng panahon.

Basa at malamig ang pagsikat ng araw. Pakiramdam ko ay kasinglata ako ng kulay-abong langit na parang flannel. Paalis ako para sa mga pulong, at hindi ako handang umalis ng bahay ni handang pumunta. At pakiramdam ko ay karapatan kong maging malungkot, at ipadama iyon sa mga nasa paligid ko. Kahit paano, nakapagpaalam ako at sumakay ng eroplano. Umugong ang mga makina, at umangat ang eroplano mula sa basang-basang runway papasok sa makulimlim na mga ulap. Umuga at tumalbog ang eroplano sa magulong hangin. Ilang sandaling walang makita sa bintana ko kundi umiikot na kulay-abo. At saka iyon nangyari.

Lumabas kami sa payapang bughaw na langit hanggang sa abot-tanaw. Mula sa itaas, ang mga ulap ay mukhang malalambot at puti. Ang gintong araw ay sumikat sa maliit na bintana, sa nakatingala kong mukha, hanggang sa aking kaluluwa. At kasimbilis ng pagbabago sa labas, may isang bahagi ng awit na sumingit sa masungit na panahon sa aking puso:

> *Huwag matakot kahit madidilim na anino'y lumukob sa iyong landas;*
> *Huwag mabagabag ang iyong puso;*
> *Mula sa Kanyang trono sa langit, binabantayan ng Dios ang lahat,*
> *Lagi ka Niyang aalagaan.*
> *Sa likod ng mga ulap, laging sumisikat ang araw,*

Pagkatapos ng mga bagyo, magiging bughaw ang lahat ng iyong langit;
Naghanda ang Dios ng kulay-rosas na lining,
Sa likod ng mga ulap, naghihintay itong sumikat.
Panatilihin ang liwanag ng walang hanggang pag-asa sa iyong puso,
Magpahinga sa pangako ng Ama,
At makikita mong ang mga alalahanin at pag-aalala'y mabilis na lilisan,
Papasok ang kapayapaan ng langit (C. R. Freeman).

Ang mga sinag na iyon ng araw ay naglakbay nang 93 milyong milya para maabot ako, at naniwala ako noon, gaya ng paniniwala ko ngayon, na galing iyon mismo sa Dios: "Sapagka't ang Dios na nagsabi, Magliliwanag ang ilaw mula sa kadiliman, ay siyang nagliwanag sa aming mga puso, upang ibigay ang liwanag ng pagkakilala ng kaluwalhatian ng Dios sa mukha ni Jesucristo" (2 Cor. 4:6). Ideya Niya ang sikat ng araw, at maliwanag na inakala ng apostol na may kaugnayan ang liwanag ng araw (sunlight) at ang liwanag ng Anak (Sonlight). Sa parehong kaso, ang pagliliwanag ay tuwirang nagmula sa Kanyang puso.

Ang isyung ito ng Uplook ay may mga artikulo tungkol sa kahanga-hangang Sulat sa mga Hebreo. Nagniningning ito sa liwanag ng langit. Saanman, nakikita ang Panginoong Jesus sa Kanyang walang kapantay na mga kaluwalhatian. Pero may mga ulap din sa aklat.

Ang mga ulap ng Unti-unting Pagdausdos (Gradualism) (2:1-3): Kung hindi tayo magbibigay ng "lalong maingat na pansin" sa ating "narinig," ang mga katotohanang dapat nating pinahahalagahan ay maaanod palayo sa

atin. Ang salitang "slip" ay nangangahulugang "dumaloy palampas, dumausdos palampas" (Vine's). Halos hindi napapansin, tinatakpan ng maiitim na ulap ng "pagpapabaya" (v. 3) ang liwanag, at iniiwan tayong giniginaw at hindi sigurado sa daan para makatakas sa paparating na baha. Panindigan natin ang pinatunayan (v. 3) sa atin.

Ang mga ulap ng Pag-aalinlangan (Agnosticism) (3:7-19): "Mas mabuting paniwalaan ang iyong mga paniniwala at pag-alinlanganan ang iyong mga pag-aalinlangan, kaysa paniwalaan ang iyong mga pag-aalinlangan at pag-alinlanganan ang iyong mga paniniwala." Sinasabi nating nagtitiwala tayo sa isang Dios na lubos na marunong, makapangyarihan sa lahat, at mapagmahal. Ganoon ba tayo kumilos? Si Martin Luther, na "masama ang pakiramdam" sa espiritu, ay nagising isang araw at nakita ang kanyang asawa na nakadamit-pagluluksa. "Sino ang namatay?" tanong niya. "Ang Dios," sagot nito. "Kalokohan," tugon ni Luther. "Bakit mo nasabi ang ganyan?" "Ganyan ka kasi umasta," sagot nito.

"Tayo nga'y mangatakot"—seryosohin natin ang Dios—baka hayaan nating tangayin ng mga bagyo ng pag-aalinlangan ang ating isip, sa halip na tumawag sa Isa na sa isang iglap ay makapagsasabi ng Kanyang "Shalom!" at magdadala ng agarang katahimikan.

Ang mga ulap ng Pagkabansot (Dwarfism) (5:11-14): Ang maliliit na kasalanan ay nagnanakaw sa atin ng malaking pagpapala. Kahit manipis na ulap lang ay natatakpan na ang araw. Ang hindi pagbibigay-pansin sa Salita, mga oras na sinasayang, pangangarap nang gising habang lumilipas ang buhay, maliliit na away, at espirituwal na katamaran ang pumipigil sa ating

lumakas sa Panginoon. Hiwalay sa impluwensiya ng liwanag ng langit, nanlalata tayo, at hindi natin masipsip ang malalalim na bagay ng Dios. "Tayo'y magpatuloy sa [pagkagulang]" (6:1). "…huwag kayong maging mga tamad, kundi mga tagatulad sa kanila na dahil sa pananampalataya at pagtitiyaga ay nagsisipagmana ng mga pangako" (v. 12).

Ang mga ulap ng Kawalang-pag-asa (Pessimism) (10:32-37): Hindi madaling mamuhay sa ilalim ng ulap. Ang mga unang mananampalataya (at maraming banal ngayon) ay noong una'y "tinanggap na may galak" ang pagsamsam sa kanilang mga ari-arian dahil natatanaw nila ang lampas sa mga bagyo at alam nilang sa langit ay may "lalong mabuti at nananatiling kayamanan" sila. Pero habang nagtatagal ang mga ulap, nahirapan silang tiisin ang "mga pagkaduwahagi at mga kapighatian," at natuksong itapon ang kanilang pagtitiwala sa halip na iatang sa Kanya ang kanilang mga alalahanin. Ganoon din ang pagpipilian natin ngayon. Mamuhay tayo sa sikat ng Anak (Sonshine).

Tungkol sa mga Damo at Pagbubunot ng Damo (Hulyo-Agosto 2000)

Mula sa Uplook, Hulyo-Agosto 2000. Editoryal.

Paano nagiging bindweed ang morning glory? O paano napupulupot sa masamang pita ang banal na hangarin?

Huwag mo akong ipagkamaling hardinero. Nagtatanim ako ng mga bulaklak taon-taon, pero hindi ako nagbabasa ng mga katalogo ng halaman tuwing Pebrero, nananabik sa sandaling sapat na ang natunaw na niyebe para makita ang lupa. Gusto ko ang mga bulaklak bilang sining, ang matapang na laro ng mga kulay, ang drama ng bumubukang usbong—mga bulaklak bilang ideya, namumukadkad sa aking isip, hindi ang totoong bulaklak na nagpupumilit mabuhay sa bakuran ko.

Wala akong pakiramdam pagdating sa mga bulaklak. Hindi ko naiintindihan ang kanilang mga pangangailangan: ang pananabik nila sa araw o lilim, sa buhangin o matabang lupa; ang hilig nilang isiksik ang kanilang mga ugat sa pataba. Ang mga bulaklak ay parang mga estranghero na hinahangaan ko mula sa malayo. Sa katunayan, kapag sa wakas ay nakarating ako sa garden center, halos nararamdaman kong nakahinga nang maluwag ang mga bulaklak habang lumalampas ang anino ko sa kanila. Parang alam nila na ang mga iuuwi ko ay hindi kailanman magiging dakila sa mundo ng halaman. Baka hindi pa nga sila umabot sa katapusan ng season.

Nagkakasundo kami ng mga bulaklak sa iisang bagay: ang pagkamuhi sa damo. Nasa labas ako kaninang umaga, namumuhi. Baka sobrang tapang na salita iyan,

pero binubunot ko sila mula sa lupa at iniiwan ang kanilang malalatang katawan para matuyo at mamatay nang walang kahit kaunting kirot ng konsensiya. At habang ginagawa ko iyon, sinusubukang itulak pabalik nang kaunti ang ebidensiya ng Sumpa, naisip ko ang ibang pagbubunot na kailangan kong gawin.

Ang aking kaluluwa ay isang halamanang nababakuran, gaya ng isinulat ng Mang-aawit: "Gumising ka, Oh hilagaang hangin; at pumarito ka, ikaw na timugan; humihip ka sa aking halamanan, upang ang mga pabango niyao'y magsilabas. Pumasok ang aking sinisinta sa kaniyang halamanan, at kumain ng kaniyang mahalagang mga bunga" (Song of Sol. 4:16). Halamanan ko ito dahil dito ako nakatira at nagtatrabaho. Pero hindi ito akin. Kanya ito. Pananagutan kong linangin ang mga kaisipan tungkol kay Cristo, tanggapin nang may kaamuan ang itinanim na Salita, at makinabang sa nagpapabunga na impluwensiya ng Espiritu. Ang buhay ay mula kay Cristo; ang bunga ay sa Espiritu; ang Magsasaka ay ang Ama. Pero ako ay kasama sa brigada ng pagbubunot ng damo.

Anong mga aral ang nagpayaman sa oras ko ng pagbubunot kaninang umaga? Hayaan mong isama ko ang lima (binunot ko na ang iba):

1. Sa pagbubunot ng damo, mas mabuti ang maaga kaysa sa huli. Matitigas ang ulo ng mga damo! Ang Japanese knotweed ay tumutubo pa nga sa apat na pulgadang aspalto. Ang kawayan ay tumutubo nang 18 pulgada sa isang araw. Ang mga ugat ng Canada thistle ay kumakalat sa isang lugar na 20 talampakan ang diyametro sa loob lang ng isang season. Ang isang halaman ng wormwood ay naglalabas ng mahigit isang

milyong buto bawat season. Ang isang yellow nutsedge ay nagluluwal ng halos 2,000 halaman sa isang taon. Habang malambot pa ang thistle, bago pa kumapit nang malalim ang pangunahing ugat ng dandelion, bago pa kumalat nang wala nang kontrol ang quack grass—putulin na agad habang maaga pa. Ganyan din ang mga damo sa aking puso. Habang tumatagal na hinahayaan silang tumubo, lalong lumalaki ang kanilang impluwensiya at lalong humihigpit ang kapit nila.

2. Nakatutulong ang marahan at tuloy-tuloy na pagdidilig. Kapag matigas ang lupa (o ang puso), halos imposibleng bunutin ang mga isinumpang bagay na iyon. Ang regular na pagbababad sa Salita ay magpapalambot sa kapit ng masasamang ugali sa kaluluwa.

3. Hindi maselan ang mga damo; tutubo sila kahit saan. Sa kanyang aklat na My Weeds, isinulat ni Sara Stein: "Iyan ang isa sa mga unang mapapansin mo sa mga damo. Tumutubo sila sa graba ng driveway, sa riles ng tren, sa mga bitak ng bangketa…Hindi naman sa kailangan nila ng pangit na lugar para tumubo; kundi nakararaos sila kung saan hindi kaya ng mga halamang inaalagaan." Sa ganoon, ninanakaw ng mga damo ang sustansiya ng lupa, hinaharangan ang liwanag ng araw, iniinom ang tubig-ulan, pinupulupot ang mga ugat, at basta na lang inaagaw ang buong lugar. Dapat malinaw na sa lahat ang espirituwal na aplikasyon nito.

4. Kailangan mong mag-ingat sa pagbubunot dahil puwede mong mapinsala ang mga bulaklak. Mapanganib ang taong nagsisimulang magbunot bago matutunan ang pagkakaiba ng violets at bellwort, ng snapdragons at toadflax. Ang pag-aaral ng mga damo ng kaluluwa, na

tinatawag na Hamartiology (mula sa Gk. hamartanein, ang hindi tumama sa tudla), ay kailangan para sa mga seryoso sa kung ano ang gusto at hindi gusto ng Panginoon sa Kanyang halamanan. Ang mga buto ng maling kaisipan ay tumutubo bilang nakalalasong halaman na sumasakal sa Buhay na nasa atin.

5. Ikaw ang mananalo o ang damo, pero hindi ibig sabihin ng pagkabigo na hindi ka na puwedeng sumubok ulit! Panghabambuhay na gawain ang pagbubunot ng damo. Pero ang pamumuhay na walang damo ay bahagi ng mapalad na pag-asa kapag sa wakas ay inalis na ang sumpa (Rev. 22:3). Amen diyan!

Ang Uplook na ito ay may mga artikulo tungkol kay Eliseo, ang lalaki ng Dios. Sumunod siya kay Elias, siyempre, at sa ilang paraan ay parang mas mabisa pa siya sa pagbubunot ng damo sa halamanan ng Israel kaysa sa nauna sa kanya. Baka ang ikaanim na punto, na natutunan mula sa kanyang buhay, ay ito: minsan, kapag kinukumbinsi mong bumitaw ang damo, mas mabuti ang tuloy-tuloy at marahang hila kaysa sa marahas na hablot.

Buhay sa Likod ng Rehas (Setyembre 2000)

Mula sa Uplook, Setyembre 2000. Editoryal.

Kayang buksan ng Panginoon ang puso ng mga bilanggo, gaya ng minsan Niyang pagbubukas sa mga selda ng bilangguan.

Nangunguna ang Amerika sa Kanluran sa pagkukulong ng sariling mamamayan. Ayon sa US Department of Justice (noong Hunyo 30, 1999), 468 sa bawat 100,000 tao sa bansa ang nakaupo sa likod ng rehas. Malaki ang itinaas niyan sa nakaraang dekada (292 sa bawat 100,000 noong 1990). Hindi pa kasama riyan ang mga naka-parole, ang mga hinahanap ng pulis, o ang mga may-sala sa mga krimeng hindi pa nalulutas.

Nakagugulat ang bilang. Halos isa ito sa bawat 200. Kung idadagdag mo pa riyan ang mga kapamilyang naaapektuhan ng mga pagkakakulong na ito, at ang mga biktima ng mga krimeng nagawa, magsisimula mong makita kung gaano kalawak na misyon ang mga nangangailangan at nasasaktang tao na tuwirang apektado ng sistema ng bilangguan sa bansang ito. Sa paglipas ng mga siglo, ipinahayag ng mga tao ang kanilang pag-asang makapagdudulot ng pagbabago ang pagkakakulong sa pamamagitan ng mga salitang ginamit nila para sa kanilang mga kulungan (ang "jail" ay mula sa isang salitang Middle English na ang ibig sabihin ay "hawla"). Ang mga batang nagkasala ay ipinadadala sa mga reformatory. Ang mas matatandang kriminal ay ikinukulong sa mga penitentiary. Ngayon ay tinatawag na silang mga correctional institute.

Pero bihirang makita ang mga alipin ng kasalanan na nababago mula sa kanilang nakapanghihinang mga bisyo sa pamamagitan ng mga paraang gawa lang ng tao. Sinubukan na ng mga eksperto sa bilangguan. Pero sa kabila ng lahat ng perang ginastos sa pananaliksik at ng walang katapusang mga eksperimento sa pagtulong sa sarili, ang tanging pangmatagalan at siguradong sagot ay matatagpuan sa alok na ibinigay dalawang libong taon na ang nakararaan: "Kung kayo nga'y palayain ng Anak, kayo'y magiging tunay na malaya" (Jn. 8:36).

Malinaw kong naaalala ang una kong pakikipagtagpo sa reporma ng Dios sa bilangguan. Taglagas iyon ng 1974. Nasa loob ako ng Richmond County Correctional Institute, Tobacco Road, Augusta, Georgia, kasama si brother Sydney Temple.

Ang kalampag ng malalaking bakal na pinto sa likod ko ay sinagot ng kung anong kumalabog sa sikmura ko. Malamig at malayo ang tindig ng guwardiya; bihirang ngumiti ang mukha niya. Inihatid ako sa isang makitid na pasilyo papunta sa isa pang bakal na pinto kung saan hinintay ko ang may hawak ng susi. Kung sinuman ang nagsabing, "Hindi bilangguan ang pader na bato, ni hawla ang rehas na bakal," ay hindi pa nakapasok sa loob, naisip ko. Oktubre noon, pero parang hiniram sa tag-init ang araw na iyon. Naiilang ako habang nakatayo roon, pinagpapawisan sa init ng Georgia.

Nang malaunan, pinapasok ako sa isang kuwartong mga dalawampu't apatnapung talampakan siguro. Mga pader na hollow block. Mga bangkong walang sandalan ang tanging kasangkapan, maliban sa isang magarbong pulpito na parang hindi bagay roon. Sa halip na mga

bintanang may stained glass, malalamig na rehas na bakal ang naroon.

Naupo ako sa gilid ng isa sa mga bangko. Halos agad-agad, bumukas ulit ang pinto at pumasok ang dalawampu't pitong mukhang barakong mga lalaki. Lahat sila ay nakasuot ng uniporme ng bilanggo. Uniporme ng bilanggo na may isang dagdag—lahat sila ay nakangiti.

Hinihiwa ng kuwelyo ko ang leeg ko at parang sinisigawan ako ng kurbata ko. Pakiramdam ko ay hindi ako bagay roon—hanggang sa ipakilala ako. Kumislap ang mga ngiti, iniabot ang mga kamay para makipagkamay, at higit sa isang beses kong narinig ang, "Praise the Lord, brother." Pagkatapos, nang magsimula ang pagtitipon, tinitigan kong mabuti ang reporma ng Dios sa bilangguan.

Si Ralph, na nanguna sa panalangin, ay nakakulong dahil sa armadong pagnanakaw. Ipinapanalangin din niya ang warden araw-araw mula nang baguhin ng Panginoon ang kanyang puso. Ang binatang nasa pulpito, na ikinukumpas ang kanyang mga braso sa indayog ng tatlumpung tinig na halos nasa tono, ay ngumiti sa akin. Napaisip ako kung bakit nakakulong ang guwapo at masayang bilanggong iyon. Nalaman ko nang malaunan na pagsapit niya ng dalawampu't apat na taon, si Herb ay napaalis na sa paaralan at sa army, isa nang alkoholiko at malulong sa droga, at nagsisilbi ng habambuhay na sentensiya dahil sa pagpatay sa kanyang asawa at sa mga magulang nito. Malupit na amo si Satanas. Pero narinig ko si Herb na itinaas ang kanyang tinig sa Dios at umawit,

"May natagpuan akong Kaibigan na siyang lahat sa akin,
Ang pag-ibig Niya'y laging tapat;
Gustong-gusto kong ikuwento kung paano Niya ako iniangat,
At kung ano ang magagawa ng Kanyang biyaya para sa iyo."

Iyan ang sistema ng Dios sa reporma ng bilangguan. Hindi Niya binabago ang bilangguan; binabago Niya ang mga bilanggo. Kinukuha ng Dios ang mga kawawang makasalanan at ginagawa silang mga banal—hindi perpekto, pero natututo. Pinalalaya Niya sila. Binibigyan Niya sila ng pag-asa. Ginagawa Niyang palasyo ang kanilang mga selda. Maingay pa rin, marumi, at mahirap tiisin, pero naroon ang Hari.

Nakinig ang mga kapatid habang nagsasalita ako tungkol sa kalayaan kay Cristo. Parang hindi nila alintana na ako ay puwedeng umalis at sila ay kailangang bumalik sa kanilang mga selda. Binago ng Dios ang kanilang mga puso. Mas malaya sila sa kanilang mga selda sa Georgia kaysa sa libu-libong naglalakad sa mga kalye ng lungsod pero alipin pa rin ng kasalanan.

Ang Kagandahang-loob ng mga Hari (Nobyembre 2000)

Mula sa Uplook, Nobyembre 2000. Editoryal.

Totoo kaya na kasinyaman ako ng Dios? Paano pa natin mauunawaan ang Ephesians 1:3?

Hindi laging totoo na ang pagiging mapagbigay ay katangian ng mga hari. Dapat sana, pero gaya ng sinabi ni Pablo sa mga taga-Corinto, ang "malabis na karalitaan" ng mga Kristiyano sa Macedonia, kasama ang "kasaganaan ng kanilang kagalakan," ang "sumagana sa kayamanan ng kanilang kagandahang-loob" (2 Cor. 8:2).

Siyempre, kung alam lang ng lahat ang totoo, ang mapagpakumbabang mga mananampalatayang iyon sa Macedonia ay mga hari pala talaga. Gaya ko rin! Sa sobrang yaman ko, hindi ko alam kung gaano karami ang mayroon ako. Ang aking Ama ang pinakamayaman at pinakamapagbigay na Persona sa buong sansinukob (Rom. 8:32). At ang lahat ng aking mga kapatid na lalaki at babae ay pantay-pantay na kahati sa kasaganaan (Acts 20:32). Hindi natin kailanman mararating ang dulo nito; hindi tayo kailanman makaka-move on dito.

Siyempre, nang dumating ako sa planetang ito halos limampung taon na ang nakararaan, wala man lang akong kahit isang damit na matatawag kong akin (1 Tim. 6:7). Kung hindi ako tinulungan ng iba, namatay sana ako.

Habang lumalaki ako, natuklasan ko kung gaano talaga kalungkot ang kalagayan ko (Eph. 2:12). Bangkarote ako

sa espiritu at walang paraan para mabawasan ang utang (Lk. 7:42); sa katunayan, lumalaki ang utang ko araw-araw. Pero pagkatapos ay nabalitaan ko ang isang napakayamang prinsipe (Rev. 1:5) na naawa sa akin at—hanggang ngayon ay halos hindi ko pa rin mapaniwalaan—namatay para sa akin, at naghirap Siya sa prosesong iyon (2 Cor. 8:9). At sa Kanyang huling habilin, iniwan Niya sa akin ang lahat ng mayroon Siya (Heb. 9:15-16)! Sa katunayan, ginawa Niyang posible na maging kasapi ako ng maharlikang pamilya (Eph. 2:6).

Isa sa mga tila hindi pagkakaunawaan sa mga kasapi ng maharlika ng langit ngayon ay ang pag-aakalang hindi pa magagamit ang ating mana hangga't hindi tayo nakauuwi sa Tahanan. Totoo na ang inyong mana ay "inilaan sa langit para sa inyo" (1 Pet. 1:4). Pero natanggap na natin ang "patotoo ng ating mana" (Eph. 1:14), na hindi maliit na bahagi. Ito nga, sa katunayan, ay ang Espiritu Santo Mismo! Nakasalok na tayo sa mga kabang-yaman na may tatak na "ang dakilang kayamanan ng kaniyang biyaya" (Eph. 2:7) at "ang di malirip na kayamanan ni Cristo" (Eph. 3:8).

Ano ang ibig sabihin nito sa praktikal na buhay? Paano ako mamumuhay nang matipid pero gagastos nang bukas-palad para sa iba—"na gaya ng walang anoman, at gayon ma'y nasa amin ang lahat ng mga bagay" (2 Cor. 6:10)?

Ang lola kong si Grandma Nicholson ay isang maliit na babaeng taga-Scotland na ang mukha ay nagniningning sa sinasalaming liwanag ng langit. Hindi siya kailanman nagkaroon ng marami sa mundong ito. Nag-alaga siya ng mga anak ng ibang tao, naglinis ng bahay ng ibang tao, at naglaba ng damit ng ibang tao. Pero nang

magsimula akong mangaral, madalas niyang isiksik ang isang $5 bill sa kamay ko.

"Naku, Lola," tutol ko, "may sapat na po ako. Sa inyo na po iyan."

Sa ngiting nakikita ko pa rin hanggang ngayon makalipas ang maraming taon, sasabihin niya, "Naku, Anak, nag-i-invest lang ako sa kaunting lupa sa langit."

Noong maliliit pa kami, madalas pumunta si Lola tuwing Biyernes ng gabi para makapamasyal ang mga magulang ko. Bago niya kami kumutan sa higaan, luluhod kami sa tabi ng kama. Naaalala ko pa ang isang hiling na ipinapanalangin niya para sa amin: "Nawa'y laging may sapat ang mga batang ito para maging mapagbigay." Oo, kaya nating maging mapagbigay. Bakit natin ipinamimigay ang mga salitang nagpapalakas ng loob na para bang tig-iisang libong dolyar ang halaga ng bawat isa? Sana'y mas marami pang Bernabe sa gitna natin na magiging kusang-loob at walang-pag-aatubili sa pamimigay ng kanilang kayamanan, kung paanong naging mapagbigay ang Dios sa atin. Siya nga, kung tutuusin, ang Dios na umiibig sa nagbibigay nang masaya (Gk., hilarious—kusang-loob, hindi may diwang nakikipagtawaran).

Napakalaki ng di malirip na kayamanang ito kaya ginawa ni Pablo na panghabambuhay niyang gawain ang anyayahan ang bawat taong makilala niya na makihati sa kanya sa mayamang mina (Eph. 3:8-9). Hindi nababawasan ang bahagi mo sa kayamanan ng langit kapag ipinamimigay mo ito. Sa totoo lang, ang pamimigay nito ang mismong paraan para matamasa natin ito.

Humina na ba ang pagpapahalaga mo sa kayamanan ng langit? Ipakita mo ang ilan dito sa isang bagong mananampalataya. Ikaw ang makikinabang. Mahahawa ka sa pananabik nila sa pagtuklas.

Sige na. Tanggapin mo ang hamon ng langit. Subukan mong lampasan ang Dios sa pagbibigay. Wala pang nakagawa niyan. At wala kailanman, dahil Siya ay "hindi nagkakautang kaninuman." Mamuhay ka na parang hari. Ikalat mo ang kayamanan. May sapat ka para maging mapagbigay.

Paglalakbay Pabalik sa Walang Hanggan (Nobyembre 2000)

Mula sa Uplook, Nobyembre 2000. Artikulo.

Ano ang nangyayari bago pa nagkaroon ng panahon? Nasa isip ka ng Dios, nasa Kanyang puso.

Ang kahanga-hangang Salita ng Dios ay nagsisimula pa nga bago ang simula sa Genesis 1:1. Ipinaaalam sa atin ng Panginoon ang pagpaplanong naganap sa mga banal na pagsasanggunian bago pa nagsimulang tumiktak ang orasan ng panahon. Kanyang "ipinakilala sa atin ang hiwaga ng kaniyang kalooban, ayon sa kaniyang mabuting kaluguran na kaniyang itinalaga sa kaniya" (Eph. 1:9). Tayo ay mga kaibigang malapit sa langit.

Sinipi ni Mateo ang Psalm 78:2 at inilapat ito sa pagtuturo ng Panginoon sa mga talinghaga: "Upang matupad ang sinalita sa pamamagitan ng propeta, na nagsasabi, Bubukhin ko ang aking bibig sa mga talinghaga; Sasalitain ko ang mga bagay na natatago buhat pa nang itatag ang sanglibutan" (Mt. 13:35). Sa madaling salita, ang mga sinalita ni Cristo ay talagang nagbunyag ng mga lihim ng mga banal na Persona, mga lihim na iningatan sa puso ng Dios sa loob ng libu-libong taon ng kasaysayan ng tao. Ano ang ginagawa ng Dios bago Niya nilikha ang tao? Hindi tayo nangangahas manghula kung saan tahimik ang Dios, pero nagpahayag Siya ng sampung pahayag tungkol sa Kanyang mga gawain bago ang panahon. Kaya nga, "sinasalita namin ang karunungan ng Dios sa hiwaga, yaong karunungang

natatago, na itinalaga ng Dios bago nilalang ang mga sanglibutan sa ikaluluwalhati natin" (1 Cor. 2:7).

Kinulit ng Panginoon si Job, "Saan ka nandoon nang aking ilagay ang mga patibayan ng lupa? Ipahayag mo, kung ikaw ay may unawa…Sino ang naglagay ng batong panulok niyaon; nang ang mga bituin sa umaga ay magsiawit na magkakasama, at ang lahat na anak ng Dios ay magsihiyaw dahil sa kagalakan?" (Job 38:4, 6-7). Medyo huli nang dumating ang tao sa prosesong ito. Pagdating niya, nakatayo na ang entablado kung saan gaganapin ang dakilang drama ng pagtubos. Ang mga ilaw (na may maliwanag at malamlam na setting) ay nakaposisyon na sa itaas, nakalapat sa mga kurtinang parang pelus ng kalangitan.

1. Ang pangunahing tauhan sa pinakadakilang kuwento ng pag-ibig sa lahat ng panahon ay inihanda na ang Kanyang pagpasok bago pa Siya dumating: "Na siya'y tunay na nakilala na bago itinatag ang sanglibutan, nguni't nahayag sa mga huling panahon dahil sa inyo" (1 Pet. 1:20). Para maisakatuparan ang mahalagang papel na ito, tinakpan Niya ang Kanyang tunay na pagkakakilanlan bilang Sumulat ng iskrip at dumating sa abang kasuotan ng isang karpintero mula sa Nazaret.

2. Tungkol sa Kanyang pagbabalik sa dati Niyang lugar ng karangalan, nanalangin Siya: "At ngayon, Ama, luwalhatiin mo ako ng iyong sariling kaluwalhatian na tinamo ko sa iyo bago naging ang sanglibutan" (Jn. 17:5). Habang nabubuhay ang Panginoong Jesus sa planetang ito, ang Kanyang kaluwalhatian, kahit natatakpan, ay sumisinag pa rin. Isinulat ni Juan: "At ang Verbo ay nagkatawang-tao, at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang kaniyang kaluwalhatian,

kaluwalhatiang gaya ng sa bugtong na anak ng Ama), na puspos ng biyaya at katotohanan" (Jn. 1:14). Pero tiyak na iba ito sa kaluwalhatiang binanggit ng Anak sa John 17. Iyon ay kaluwalhatiang hindi pa nahahayag sa panahon. Sa Kanyang pagbabalik sa lupa, Siya ay "mahahayag…sa kaluwalhatian" (Col. 3:4) at tayo ay magpapainit sa kaluwalhatiang iyon kasama Niya. Napakagandang araw iyon!

3. Bago pa ang panahon, naisulat na ang mga pangunahing yugto. Ang papel ng Hari ay ibinigay na sa tanging Karapat-dapat na magsuot ng korona ng sansinukob, at ang Kanyang kaharian ay nakatiyak na bago pa nagalak ang sinumang anghel o nagngalit ang sinumang demonyo sa Kanyang maringal na presensiya: "Kung magkagayo'y sasabihin ng Hari…Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kaharian na inihanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan" (Mt. 25:34).

4. Ang lubhang nakaaantig na eksena sa gitna ng kuwento ay para na ring tapos bago pa nagliyab ang unang bituin sa langit ng gabi, sapagkat ang Panginoon ng buhay at kaluwalhatian ay "…ang Kordero na pinatay buhat nang itatag ang sanglibutan" (Rev. 13:8). Hindi ba nakaaaliw malaman na inilagay na ng Dios ang pinakadakilang safety net bago pa ito kinailangan ng makasalanang tao? Hindi Niya ibig na ang sinuman ay mapahamak.

5. Bago pa naipon ang anumang utang laban sa sangkatauhan, nakalkula na ng Panginoon ang napakalaking halaga, at sa walang kapantay na biyaya ay pumayag Siyang bayaran ito nang buo. "Na siyang sa atin ay nagligtas, at sa atin ay tumawag ng isang banal

na pagtawag, hindi ayon sa ating mga gawa, kundi ayon sa kaniyang sariling akala at biyaya, na sa atin ay ibinigay kay Cristo Jesus bago pa nagsimula ang mga panahon" (2 Tim. 1:9).

6. Sa banal na pagkamalapit, pinakikinggan natin ang panalangin ng Tagapagligtas sa Kanyang Ama, "Ama, yaong mga ibinigay mo sa akin ay ibig kong kung saan ako naroroon, sila naman ay dumoon na kasama ko; upang mamasdan nila ang aking kaluwalhatian, na ibinigay mo sa akin: sapagka't ako'y iyong inibig bago itinatag ang sanglibutan" (Jn. 17:24). Ito lang ang pagkakataon na ipinahayag ng Panginoong Jesus ang Kanyang sariling kalooban. At ano ang gusto Niya? Ikaw at ako! Kasama Niya! Sa kaluwalhatian! Magpakailanman!

7. Ano ang gagawin natin doon? Tutuklasin ang walang hanggang mga dahilan kung bakit inibig ng Ama ang Anak mula pa bago itinatag ang sanlibutan. Ipapakita sa atin ng Ama kung paano ibigin ang Anak gaya ng nararapat sa Kanya. Matagal nang layunin ng Ama na magkaroon ng isang banal at walang dungis na pamilya sa langit, hinirang sa Anak para ibigin ang Anak kasama Niya: "Ayon sa pagkahirang niya sa atin sa kaniya bago itinatag ang sanglibutan, upang tayo'y maging mga banal at walang dungis sa harapan niya sa pagibig" (Eph. 1:4).

8. Sa pamamagitan ng Kanyang paunang kaalaman, tiniyak ng banal na Tagapag-ingat ng Talaan ang ligtas na paglalakbay ng mga nagtitiwala sa Kanya. Walang bahid ng pag-aalinlangan tungkol sa walang hanggang katiyakan ng mga tumatanggap sa paraan ng Dios ng kaligtasan. Kilala na bago pa ang panahon, ang

katiyakan ng kanilang paglalakbay sa panahon at hanggang sa walang hanggan ay tinatakan ng banal na lagda. Kasama ang bawat mananampalataya sa bilang ng mga may pangalang "…nakasulat sa aklat ng buhay mula nang itatag ang sanglibutan…" (Rev. 17:8).

9. Ang buhay na ito, ang buhay na walang hanggan, ang mismong buhay ng Dios, ay isang alok na ibinigay bago pa ang panahon. "Sa pagasa sa buhay na walang hanggan, na ipinangako bago pa nagsimula ang mga panahon ng Dios na hindi makapagsisinungaling" (Titus 1:2). Alam ng Ama kung ano ang magiging halaga nito sa Kanya bilang Dakilang Tagaplano sa pagbibigay ng Kanyang bugtong na Anak. Alam ng Anak kung ano ang magiging halaga nito sa Kanya bilang Dakilang Handog sa Kanyang pagbaba "hanggang sa kamatayan sa krus." At ano ang naging halaga nito sa Espiritu Santo bilang Dakilang Nananahan, na hindi lang pumasok sa isang makasalanang mundo gaya ni Cristo, kundi sa isang nagkakasalang Iglesia? Siya ang tatak, ang patotoo, ang garantiya na hindi tayo susukuan ng Dios, at ligtas Niya tayong dadalhin sa lupaing kung saan nakasulat ang ating mga pangalan sa sulat-kamay ng langit. Kasingtiyak tayong makararating sa langit gaya ng mga pangalang naroon na.

10. Pero hindi lang bilang mga indibidwal na mananampalataya tayo isinaalang-alang ng Diyos na Tatlong Persona sa mga banal na pagsasanggunian bago itinatag ang sanlibutan. Ipinahayag ni Pablo ang kanyang dalawang-bahaging tagubilin sa ganitong mga salita: "Sa akin, na lalong maliit kay sa kaliitliitan sa lahat ng mga banal, ay ipinagkaloob ang biyayang ito, upang ipangaral ko sa mga Gentil ang di malirip na kayamanan ni Cristo; at upang maipakita sa lahat ng

mga tao kung ano ang pakikisama ng hiwaga, na buhat pa sa pasimula ng sanlibutan ay natago sa Dios, na lumalang ng lahat ng mga bagay sa pamamagitan ni Jesucristo" (Eph. 3:8-9).

Ang katotohanan ng ebanghelyo at ang katotohanan tungkol sa Iglesia ang dalawang haligi ng ministeryo ni Pablo. At kung paanong ang ebanghelyo ay inihanda bago pa nagsimula ang panahon, gayon din ang Iglesia sa pangkalahatan, at ako sa partikular, ay hindi pangalawang-pinakamabuting pagpipilian lang matapos "matisod" ang Israel (Rom. 11:11). At kung paanong ang bawat indibidwal ay ligtas sa katotohanan ng ating huling hantungan na "laging…kasama ng Panginoon," gayon din ang kinabukasan ng Iglesia ay kasingtiyak ng walang hanggang pangako ng Dios: "Sa makapagpapatibay nga sa inyo ayon sa aking evangelio at sa pangangaral kay Jesucristo, ayon sa paghahayag ng hiwaga na inilihim mula pa nang pasimula ng sanlibutan" (Rom. 16:25).

Ang mga pahayag na ito tungkol sa bago ang panahon ay hindi itinala para lang pagbigyan ang ating pag-uusisa. Ipinahahayag nila sa atin ang tatlong maluwalhating katotohanan: i) ang masusing kalikasan ng banal na plano; ii) ang walang hanggang kadakilaan ng banal na pag-ibig at biyaya; iii) ang lubos na tiyak na kalagayan ng bawat mananampalataya.

Kaya bago pa ang kasaysayan ng tao, may walang hanggang katotohanan na. Ang walang hanggan ng Dios ay dumadaloy nang may buong kapuspusan ng biyaya sa mundo ng panahon ng tao. Baka si David ang pinakamahusay na nagpahayag ng ating damdamin nang isulat niya: "Marami, Oh Panginoon kong Dios, ang iyong

kagilagilalas na mga gawa na iyong ginawa, at ang iyong mga pagiisip na ukol sa amin: hindi mabibilang sa harap mo; kung aking ipahahayag at sasaysayin, ang mga yaon ay higit kay sa mabibilang" (Ps 40:5).

Pero hindi lang ang dami ng mga pag-iisip ng Dios ang nagpasabik kay David. Nalugod din siya sa pagkamasalimuot at lalim ng mga ito: "Pagkadakila ng iyong mga gawa, Oh Panginoon! Ang iyong mga pagiisip ay totoong malalim" (Ps. 92:5). Pinalawak ni Pablo ang ideyang ito sa Romans 11,

> "*Oh ang lalim ng mga kayamanan ng karunungan at ng kaalaman ng Dios!*
> *Pagkahirap ngang matalastas ang kaniyang mga paghatol,*
> *At ang kaniyang mga daan ay di malirip!*
> *Sapagka't sino ang nakaalam ng pagiisip ng Panginoon?*
> *O sino ang naging kasangguni niya?*
> *O sino ang unang nagbigay sa kaniya,*
> *At siya'y gagantihin muli?*
> *Sapagka't sa kaniya, at sa pamamagitan niya, at sa kaniya,*
> *Ang lahat ng mga bagay. Sumakaniya nawa ang kaluwalhatian magpakailan man. Siya nawa.*"
> *(vv. 33-36)*

May isa pang bagay sa puso ni David, at ito ang nag-uudyok sa atin na samahan siya sa sama-samang pagsamba sa ating Dios: "Pagkamahalaga naman ng iyong mga pagiisip sa akin, Oh Dios!" (Ps. 139:17).

Sententious! Maikli pero Siksik (Disyembre 2000/Enero 2001)

Mula sa Uplook, Disyembre 2000/Enero 2001. Editoryal.

Ano ang matipid sa salita pero sagana sa kahulugan?

Hindi ko pa nagamit ang salitang ito sa publiko kahit kailan. Bihirang dumating ang ganitong pagkakataon. Masasabi kong puwede kang mabuhay nang buong buhay nang hindi ito ginagamit. Pero parang halos imposibleng sumulat tungkol sa Aklat ng mga Kawikaan nang hindi ito naisisingit kahit saan. Ang salita? Sententious. Alam kong agad na tututol ang ilan sa inyo, "Aba, ginagamit ko ang salitang iyan. Hindi ba lahat naman?"

Ginagamit ito ni Sidlow Baxter sa Explore the Book: "Ang salitang Ingles na 'proverb' ay nangangahulugang maikling kasabihan na kapalit ng maraming salita (pro = para sa; verba = mga salita). Sa karaniwang gamit, tumutukoy ito sa anumang matalas at sententious na kasabihan o maikling aral. Pero ang salitang Hebreo na isinasalin nating 'proverbs' (mishle) ay may mas malawak na kahulugan, at ginagamit para sa maraming pananalita, pangungusap, at pahayag na hindi ituturing na proverb sa Ingles ngayon…Ang husay ng isang kawikaan ay nasa matalinong pagsisiksik nito ng isang katotohanan o ng ilang matalinong payo sa maikli at kapansin-pansing paraan, kaya tumatatak ito at nagiging mas madaling tandaan" (p. 132).

Isinisingit din ito ni E. W. Bullinger sa panimula ng kanyang Companion Bible: "PAMAGAT. Ang Mga Kawikaan. Heb. Mishlai; Griego, Paroimiai = anumang

madilim at sententious na kasabihan; Vulg. Proverbia. Dito nagmula ang pangalang Ingles" (p. 865).

Kahit si H. A. Ironside, na itinuturing na prinsipe ng malinaw at tuwirang pagpapaliwanag, ay itinuring itong tamang salita para sa pagkakataon: "Sa karaniwang mambabasa, ang aklat ng Mga Kawikaan, sa mga epigram nitong makatwiran at mga sententious na kasabihan, ay maaaring mukhang huling bahagi ng Kasulatan na mangangailangan ng anumang pagtatangkang ipaliwanag. Pero dahil mismo sa punung-puno ang mga kabanata nito ng matatalas na katotohanan, kadalasang hindi na napapansin ang ubod nito ng mga taong nakasanayan nang marinig o basahin ang mga ito sa buong buhay nila" (Notes on Proverbs, Prefatory Note).

Pero si William Kelly (na madalas ipalagay na mahirap basahin) ay hindi gumamit ng salitang "sententious" kahit minsan sa kanyang nakatutulong na paliwanag. Isinulat niya: "Kung paanong ang kawikaan ay isang siniksik na talinghaga, o isang pinalawak na paghahambing, madalas din itong nasa hangganan ng bugtong o palaisipan upang makuha ang pansin" (The Proverbs, p. 9).

Kaya sa iilang talatang ito, nabasa mo na ang salitang "sententious" nang hindi bababa sa pitong beses! At ano ang ibig sabihin nito? Ganito ang kahulugang ibinibigay ng Webster's Dictionary: "adj [ME, puno ng kahulugan, mula sa L sententiosus, mula sa sententia, pangungusap, kasabihan] 1: maikli, parang kasabihan, o may aral sa pagpapahayag; MATALAS, PARANG EPIGRAM."

Sa palagay ko ay hindi kailanman ginamit ng biyenan kong lalaki ang salitang "sententious," kahit nagbabasa

siya ng isang kabanata ng Mga Kawikaan araw-araw. Nang malaunan, nag-iisip na siya sa kawikaan, nagsasalita sa kawikaan, at isinasabuhay ang kawikaan sa araw-araw niyang karanasan. Hindi siya gumamit ng sampung salita kung sapat na ang lima. Ang pangalan niya ay John Funk. Walong titik. Tig-iisang pantig. Walang middle initial.

Wala akong naaalalang pagkakataon na nangaral siyang mag-isa. Lagi siyang may kasamang tatlo o apat na binata. Ang isa ay magbabasa lang ng isang bahagi ng Kasulatan. Ang isa ay mangunguna sa panalangin. Ang isa ay magbibigay ng patotoo; ang isa pa, ng mensahe ng ebanghelyo. At siya ang magtatapos. Isa ako sa mga binatang pinalakas niya ang loob sa ganitong paraan. At marami pang iba.

Hindi niya alintana kung gaano karami ang sinasabi ng tao basta't sinasabi nila ito sa kaunting salita. Kaya gustong-gusto niya ang Mga Kawikaan. Sasabihin niya sa amin, "Kung hindi ibinuka ng isda ang bibig niya, hindi sana siya nahuli." Minsan sa kanyang mga panalangin, sinisipi niya ang Proverbs 10:19, "Sa karamihan ng mga salita ay hindi nagkukulang ng pagsalangsang: nguni't siyang nagpipigil ng kaniyang mga labi ay gumagawang may kapantasan." Ipinaaalala niya sa amin na hindi matalino ang magparami ng salita sa harapan ng Panginoon. At ipinakita niya ito sa amin sa pamamagitan ng pagpapanatiling diretso sa punto ng kanyang mga panalangin.

Isa siyang tapat na negosyante na isinabuhay ang Mga Kawikaan sa trabaho. Nang tumanggi ang Revenue Canada na ibigay sa kanya ang buong bawas para sa mga gastusin ng negosyo, at nagpaliwanag na

"pinalalaki ng lahat ang mga numero," inilapag niya ang kanyang mga ledger sa kanilang counter at sinabi, "Tagalan ninyo hangga't gusto ninyo. Maipapaliwanag ko ang bawat sentimo." Makalipas ang ilang buwan, nang ibalik ang kanyang mga libro kasama ang isang napipilitang paumanhin, humiling siya—at tumanggap—ng sulat na nagsasabi niyon, na ipina-frame niya at isinabit sa pader ng kanyang opisina. Gaya ng sasabihin niya sa amin, sinisipi ang isang lumang aklat na binabasa niya: "Ang mabuting pangalan ay maigi kay sa malaking kayamanan" (Prov. 22:1). At totoo nga, siyempre.

J. Boyd Nicholson (Disyembre 2000/ Enero 2001)

Mula sa Uplook, Disyembre 2000/Enero 2001. Artikulo.

Hulyo 14, 1922–Nobyembre 12, 2000

Hindi madaling sumulat ng huling parangal para sa sarili mong ama. Mahihiya siyang marinig na pinupuri siya, gayong buong buhay-Kristiyano niya ay pinupuri niya ang Panginoon at pinalalakas ang loob ng iba na gawin din iyon. Pero mabuting bagay, tamang bagay, sa palagay ko, na magbigay ng "karangalan sa may-ari ng karangalan."

Si Boyd Nicholson ay hindi lang ang aking ama; siya ang aking mentor, aking pinagtatapatan, aking kamanggagawa, aking halimbawa, at aking kaibigan. Inakala kong mas mahirap ang pagpapaalam sa kanya, pero ang walang kapantay na biyaya ng Dios (na hindi kailanman napagod si Itay na ipahayag) ay muling napatunayang totoo. Ang Panginoon Mismo ang nangangako na ang Kanyang "biyaya ay sapat" para sa atin. Hindi Niya tayo dinaya. Hindi rin natin dapat maliitin ang mga panalangin ng bayan ng Dios o ang aliw ng Kasulatan. "Hindi Siya nagkukulang."

Si Itay ay isang Scot na iniwan ang kanyang bayan para sa isang nobyang taga-Canada, isang taong mahilig sa bahay na nagpaalam nang libu-libong beses para maglakbay sa buong mundo at manligaw ng isang Nobya para sa Tagapagligtas. Isa siyang dating airman na ipinagpalit ang pagpapalipad ng eroplano sa pagtulong sa iba na mag-navigate sa buhay patungo sa makalangit na lungsod. At isa siyang alagad ng sining na iniwan ang

kanyang karera sa sining para magpinta ng mga larawang-salita ni Cristo at ng krus, ng langit at ng tahanan (tingnan ang larawang-salita sa susunod na pahina).

Parang isa siya sa mga huli sa kanyang lahi. Kabilang siya sa isang henerasyon ng matatapang na lalaki ng Dios na may tatak ng hindi bababa sa tatlong natatanging katangian. Mayroon silang matinding pagnanasa para sa ebanghelyo na nagtulak sa kanilang mag-araro at maghasik at umiyak at umani sa buong malawak na bukid ng mundo. Hindi sila umatras kapag kinukutya sa kanto ng kalye, o kapag tinatanggihan habang nagbabahay-bahay. Tuloy-tuloy lang sila, at nakita ni Itay at ng kanyang henerasyon ang libu-libong naligtas. Hindi sila nakalimot sa dalisay at matamis na ebanghelyo dahil hindi sila nakalimot na sila mismo ay naligtas. Ang pagkamangha nila ay ipinahayag sa mga salita ng isa sa malalapit na kaibigan ni Itay, si Jack Trotter, na umiiling pagkatapos marinig muli ang ebanghelyo at nagsasabi, "Paano kaya tayo nakapasok?" Nananabik sila na makapasok din ang iba.

Tapat sila sa assembly, sa pagtitipon sa simpleng paraan na pinaniniwalaan nilang itinuturo ng Salita ng Dios. Ang katapatan nila sa buhay ng lokal na iglesia ay tuwirang nakaugnay sa katapatan nila sa Ulo Mismo ng iglesia. Bagaman marami silang kilalang mabubuting mananampalataya na malayang dinadala ang mga pangalan ng iba't ibang denominasyon, buong-puso nilang pinaniniwalaan na iisang Tao lang ang namatay para sa kanila, at Siya ang karapat-dapat sa lugar ng karangalan. Ang Kanyang pangalan lang ang dapat tawagin sa gitna ng Kanyang bayan. Kapag ang iba ay nagtampo at umalis sa assembly nang galit, umiyak sila

sandali, pinunasan ang kanilang mga luha, dinampot ang kanilang mga kasangkapan, at bumalik sa trabaho, inaayos ang sira sa pader at nagpapatuloy mula roon.

Mayroon din silang banal na paggalang sa mga bagay ng Dios. Lumalakad sila nang marahan sa presensiya ng Panginoon. Namamangha sila na makalalapit sila linggo-linggo sa Kabanal-banalang Dako upang alalahanin Siya. At alam nila ang ginagawa nila pagdating nila roon. Malalim ang paggalang nila sa Biblia at hindi sila nagsasalita nang basta-basta mula sa pulpito. Sa madaling salita, hindi biro ang tawagin silang mga lalaki ng Dios.

Sineseryoso nila ang Panginoon at ang Kanyang gawain. Marami sa kanila (at sa kanilang mga asawa) ang nagsakripisyo nang malaki para sa Kanya, pero hindi nila iyon gaanong pinapansin. Minsan, hindi nagtagal pagkatapos tawagin si Itay para mangaral nang buong panahon (at medyo gipit sila sa pera noon), nakatanggap siya ng alok na maging executive sa Mercedes Benz ng Canada. Iniwan niya ang sulat sa kanyang mesa at umalis para mangaral sa isang pulong ng mga bata sa Simcoe, Ontario. Hindi bababa sa isang bata ang nagpahayag ng pananampalataya kay Cristo nang gabing iyon. Nang makauwi si Itay, kung paano man, nawala na ang anumang dating halina ng sulat na iyon, kung ihahambing sa kaligtasan ng isang walang hanggang kaluluwa.

Hindi kailanman inisip ni Itay na kakaiba siya; isang lalaking limitado ang pinag-aralan, hindi kilala sa mundo. Pero alam niya na kaya ng kanyang Dios na gumawa ng mga di-pangkaraniwang bagay sa pamamagitan ng mga karaniwang tao, at nagsikap siya,

sa biyaya ng Dios, na makita Siyang gawin iyon. At sa palagay ko, ginawa nga Niya.

Tingnan Kung Sino ang Sumisipi sa Mga Kawikaan (Disyembre 2000/ Enero 2001)

Mula sa Uplook, Disyembre 2000/Enero 2001. Artikulo.

Kaya mo rin.

Ang kawikaan ay isang katotohanang isinilid sa maikling paraan. Dahil dito, madali itong dalhin. Baka hindi mo agad maalala ang mahahabang bahagi ng Kasulatan, pero lagi kang makapagbabaon ng ilang kawikaan sa iyong emergency kit para magamit anumang oras.

Halos lahat ng kawikaang sinipi sa Bagong Tipan ay kinuha mula sa Septuagint, maliban sa ilang parirala. Tingnan natin kung paano ginamit ang mga katotohanang ito.

Ang Romans 3:15-17 ay sumisipi sa Proverbs 1:16. Nagpatawag si Pablo ng isang korteng puno ng mga saksi para sa pag-uusig, mula sa Mga Awit (14:1-3; 53:1-3; 5:9; 140:3; 10:7; at 36:1, sa ganoong pagkakasunod). Ang mga kawikaang sinipi sa mga talatang 15-17 ay matatagpuan din, sa bahagyang ibang mga salita, sa Isaiah 59:7-8. Magagamit natin ang mga talatang ito sa ating mga kakilala, para ipaalala sa kanila ang diyagnosis ng Kasulatan sa suliranin ng tao. Inilalantad ito ng krus. Ipinahahayag ito ng kasaysayan. Sinusumbatan tayo nito sa konsensiya. At sinasabi ito ng Kasulatan, upang makita ng lahat ang kanilang pagkakasala at tumakbo kay Cristo (Rom. 3:19-22).

Ang Proverbs 1:16 ay nakagugulat na kahawig ng kalagayan ng mundo na ipinapakita sa balita sa gabi.

Pero sa paglalapat ni Pablo nito sa Romans 3, ibinibigay rin niya ang dahilan—"Walang takot sa Dios sa harap ng kanilang mga mata"—at sa mga sumunod na talata ay inilalarawan ang maluwalhating lunas ng Dios sa pamamagitan ng "pagtubos na na kay Cristo Jesus" (v. 24).

Muling sinipi ni Pablo ang Mga Kawikaan sa Romans 12:20, sa pagkakataong ito mula sa 25:21-22. Sa paggamit na ito, ipinaaalala niya sa atin na ang biyaya ay hindi lang ideya ng Bagong Tipan. Ang Dios ng Lumang Tipan ay nagpakilala ng Kanyang sarili bilang "Dios na mapagbiyaya" (Jonah 4:2; tingnan din ang Joel 2:13). At ang kawikaang sinipi, "Kung ang iyong kaaway ay magutom, pakanin mo; kung mauhaw, painumin mo," ay isinabuhay ng mga nakakilala sa mapagbiyayang Dios na ito. Ginawa ito ni Boaz kay Ruth, isang Moabita, na ang mga ninuno ay tumangging magbigay ng tinapay at tubig sa kanyang mga ninuno (tingnan ang Deut. 23:3-4). Ginawa ito ni Eliseo para sa mga sundalong taga-Siria na dumating pa nga para patayin siya (2 Ki. 6:21-22)! Ginawa ito ni David sa sambahayan ni Saul (2 Sam. 9:1-7) alang-alang kay Jonathan. Siyempre, ginagawa ito ng Dios tuwing may makasalanang naliligtas, binibigyan sila kay Cristo, ang Tinapay mula sa langit (Jn. 6:32).

Kapwa nakita nina Santiago (4:6) at Pedro (1 Pet. 5:5) na nakatutulong na ipaalala sa atin ang mga salita ng Proverbs 3:34, "Tunay na kaniyang tinutuya ang mga mapagtuya: nguni't siya'y nagbibigay biyaya sa mababa." Maaaring ang mga salitang ito ay paraphrase ni Solomon sa mga salita ng kanyang ama sa Psalm 138:6, "Sapagka't bagaman ang Panginoon ay mataas, gayon ma'y may pakundangan siya sa mababa: nguni't

ang palalo ay kilala niya sa malayo." Ang dalawang sipi sa BT ay parehong mula sa Septuagint: "Ang Dios ay sumasalangsang sa mga palalo, datapuwa't nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba." Maliwanag na isa itong malawak na prinsipyo na kasinlaki ng sansinukob. Makikita ito sa pinakamalaking sukat sa pagkahayag ni Cristo at ng antikristo. Nang "ang Dios ay nahayag sa laman" (1 Tim. 3:16), may kasama itong pagpapakumbabang walang katulad sa kasaysayan (tingnan ang Phil. 2). Pero ang palalong tao ay paulit-ulit na nagmamataas sa buong panahon hanggang sa huli ay "sumasalangsang at nagmamataas laban sa lahat na tinatawag na Dios o sinasamba; ano pa't siya'y nauupo sa templo ng Dios, na siya'y nagtatanyag na siya'y Dios" (2 Thess. 2:4). Gaya ng isinulat ni A. J. Gordon: "Ang hiwaga ng kabanalan ay ang Dios na nagpapakumbaba upang maging tao; ang hiwaga ng kasamaan ay ang tao na nagmamataas upang maging Dios."

Mas madalas sumipi si Pedro sa Mga Kawikaan kaysa sa sinumang manunulat ng Bagong Tipan. Bukod sa siping nabanggit na, sinipi niya ang Proverbs 10:12 (1 Pet. 4:8), Proverbs 11:31 (1 Pet. 4:18), at Proverbs 26:11 (2 Pet. 2:22). Ang una ay tungkol sa balabal ng pag-ibig na tumatakip sa kasalanan, ang ikalawa ay tumutukoy sa paghihirap sa buhay na humahatol sa kasalanan sa bahay ng Dios, at ang ikatlo ay naglalarawan sa masamang kalikasan na umaalipin sa kasalanan, na naglalantad sa mga hindi pa naisisilang na muli sa kanilang kalagayang walang pag-asa at walang Dios.

Ang huling tuwirang sipi mula sa Mga Kawikaan (3:11-12) ay matatagpuan sa Hebrews 12:5-6. Isa sa maraming pahayag na "anak ko" mula sa panulat ni

Solomon, ito lang ang pinili para patibayin sa pamamagitan ng pag-uulit (vv. 5-6), pagpapaliwanag (vv. 7-8), at paglalapat (vv. 9-13). Ang mensahe nito? May tuwirang kaugnayan ang pag-ibig at ang pagtutuwid, ang pagiging anak at ang paghihirap. Gaya ng maraming kawikaan, sinlaki ng ginto ang halaga nito.

© Uplook Ministries. Ginamit nang may pahintulot. Isinalin sa Tagalog ng KEE Philippine Missions.